Republic of the Philippines
Department of Education
REGION X – NORTHERN MINDANAO

DEPARTMENT OF EDUCATION
REGIONS SECTION, REGIONAL OFFICE NO. X
RELEASED
0227
By: Date: 11/29/21

Tanggapan ng Direktor Panrehiyon

Nobyembre 26, 2021

MEMORANDUM PANREHIYON
Blg. 731, s.2021

NOMINASYON SA MGA KALAHOK BILANG TAGAPAGSANAY SA PAMBANSANG PAGSASANAY SA PAGTUTURO NG GRAMATIKANG FILIPINO TUON SA KWF MASINOP NA PAGSULAT AT ORTOGRAPIYANG PAMBANSA

Sa mga: Tagapamanihala ng mga Paaralan
Lahat ng mga Kinauukulan

1. Ang Kagawarang ng Edukasyon at Komisyon sa Wikang Filipino ay magsasagawa ng Nominasyon sa mga Kalahok Bilang Tagapagsanay sa Pambansang Pagsasanay sa Pagtuturo ng Gramatikang Filipino Tuon sa KWF Masinop na Pagsulat at Ortograpiyang Pambansa.

2. Inanyayahan ang mga dalubguro at tagamasid na kalipikado at elihible at nais maging tagapagsanay sa lahat ng mga guro sa Filipino.

3. Ang mga detalye sa nominasyon ng mga kalahok ay kalakip sa Memorandum na ito.

4. Para sa paglilinaw at iba pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay Armando A. Agustin, tagamasid panrehiyon sa Filipino, sa 0965-492-2169 o armando.agustin@deped.gov.ph.

5. Hinihiling ang mabilisan at malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

DR. ARTURO B. BAYOCOT, CESO III
Direktor Panrehiyon

Kalakip: Gaya ng nakasaad

CLMD/agustin

Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Pangalawang Kalihim ng Kurikulum at Pagtuturo

MEMORANDUM
DM-CI-2021 - 0504

PARA SA/ SA MGA : **Ministro, Ministeryo ng Batayan, Mas Mataas**
At Teknikal ng Edukasyon ng BARMM
Panrehiyong Direktor
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan
Tagapamuno/ Punong-guro ng mga Paaralan
Iba pang Kinauukulan

MULA KAY : **DIOSDADO M. SAN ANTONIO**
Pangalawang Kalihim ng Kurikulum at Pagtuturo

PAKSA : **NOMINASYON SA MGA KALAHOK BILANG TAGAPAGSANAY SA PAMBANSANG PAGSASANAY SA PAGTUTURO NG GRAMATIKANG FILIPINO TUON SA KWF MASINOP NA PAGSULAT AT ORTOGRAPIYANG PAMBANSA**

PETSA : 19 Nobyembre 2021

---

1. Bilang tugon sa tunguhin ng *Sulong Edukalidad* gayundin sa isinasaad ng Seksiyon 5 ng Batas Republika Blg. 10533 *Pinagbuting Batayang Edukasyon ng 2013* na mga simulain at pamantayang pangkurikulum, na nagtatakda ng makalidad, pantay-pantay, makakultura, buo at kompletong batayang edukasyon na kumikilala sa kahalagahan ng edukasyon sa Filipino sa pagtatamo ng karunungan at kalinangan ng mga Pilipinong mag-aaral.

2. Isang salik sa pagtatamo ng isang maka Pilipinong edukasyon na maging malay ang mga guro at mag-aaral sa mga pamantayang pangwika. Ngunit, hinahamon ang mga guro kung paanong tumalab ang pamantayang ito sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto.

3. Bilang tugon, magsasagawa ang Kagawaran ng Edukasyon at Komisyon sa Wikang Filipino ng Pambansang Pagsasanay sa mga Tagapagsanay sa Gramatikang Filipino tuon sa KWF Masinop na Pagsulat at Ortograpiyang Pambansa. Inaanyayahan ang mga dalubguro at tagamasid na kalipikado at elihible at nais maging tagapagsanay sa lahat ng mga guro sa Filipino.

4. Ang mga magiging tagapagsanay ay dapat taglay ang sumusunod na kalipikasyon:

   a. Hindi bababa sa limang taong karanasan sa pagtuturo ng Filipino, ang mga dalubguro, ulong guro at tagamasid ang maaaring lumahok;

DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines
Direct Line: (632) 8633-7202/8687-4146 Fax: (632) 8631-5057
E-mail: ouci@deped.gov.ph/diosdado.sanantonio@deped.gov.ph Website: www.deped.gov.ph

b. Naging Tagapasanay ng limang taon pataas sa Timpalak Iispel Mo!
c. May sapat na kaaalaman sa Masinop na Pagsulat at Ortograpiyang Pambansa
d. Naging Tagapagsanay sa mga pampaaralan, pandibisyon, panrehiyon at pangnasyunal na palihan partikular sa Masinop na Pagsulat at Ortograpiyang Pambansa
e. Taglay ang kawastuhan at katatasan sa pagsuuri sa paggamit ng wika sa kagamitang pampagtuturo;
f. May kaalaman at kasanayan sa MS Office tools at Google Suite applicaitions at
g. Nakagagawa sa sarili gayundin kung nasa isang pangkat.

5. Lahat ng interesado at nais maging tagapagsanay sa gawaing ito ay dapat magpasa ng kanilang aplikasyon at magsumite nang Word at PDF na kopya ng sumusunod sa pagsusuri;

    a. Curriculum Vitae;
    b. Isang pahinang sulat na naglalahad ng pagnanais na maging bahagi ng nasyonal na gawaing ito na maging Pangnasyunal na Tagapagsanay;
    c. E-copy ng katunayan na naging tagapagsanay sa Ortograpiyang Pambasanay at Masinop na Pagsulat;
    d. Sulat rekomendasyon mula sa punong-guro/superbisor, puno ng tanggapang kinabibilangan o katumbas na pag-eendorso.

6. Lahat ng mga kinakailangang dokumento ay dapat maisumite nang hindi lalampas sa Nobyembre 30, 2021 via https://drive.google.com/drive/folders/1lxnB7o0ULbaQh1DIx33aLzSpGIOPry6z. Ang magsusumite pagkatapos ng petsang ito ay hindi na tatanggapin.

7. Lahat ng aplikasyon ay susuriin batay sa pagsunod sa mga tuntuning ibinigay, Hindi na susuriin ang mga kulang na dokumento. Ang mapipiling tagapagsanay ay agad na padadalhan ng komunikasyon.

8. Para sa paglilinaw at iba ang impormasyon, mangyaring makipag-ugnayan kay:

GAUDENCIO LUIS N. SERRANO
Supervising Education Program Specialist
Bureau of Learning Delivery- Teaching and Learning Division
4th floor Bonifacio Building DepEd Complex,
Meralco Ave., Pasig City
gaudencio.serrano@deped.gov.ph
09171933788

9. Hinihiling ang maagap na pagpapalaganap ng Memorandum na ito.